


Taong 2022-2026

Nishio City Multicultural
coexistence promotion plan



多様性を

豊かさ

みんなで創る



にしおの

未来

Tagalog


タガログ語版

Silipin naten
ang kinabukasan!



Mga pagkilos ng mga mamamayang dayuhan naninirahan sa Nishio city

Ang porsiyento ng mga naninirahang dayuhan ay mas mataas kumpara sa buong bansa at Aichi Prefecture. Ang pagdagdag ng porsiyento sa loob ng limang taon ay mataas.



Nishio City
Bilang ng tao 9,921
 (Taon 2021 Buwan 4 Sa puntong ito)

Nadagdag sa limang taon
Nadoble ng 1.5

Ratio ng dayuhan
5.8%

Aichi Prefecture
Bilang ng tao 273,784
 (Taon 2020 Buwan 12 Sa puntong ito)

Nadagdag sa limang taon
Nadoble ng 1.3

Ratio ng dayuhan
3.6%


Japan
Bilang ng tao 2,887,116
 (Taon 2020 Buwan 12 Sa puntong ito)

Nadagdag sa limang taon
Nadoble ng 1.3


Ratio ng dayuhan
2.3%

Pinagtutuunan ang pagtatrabaho ng mga dayuhan na may edad na 20`s at 30`s

Pagkumpara ng bilang ng populasyon ng mamamayang hapon sa mamamayang dayuhan ayon sa iba't ibang edad



Pagbabago ng mga naninirahang dayuhan (iba't ibang lahi)



Ang TABUNKAKYOUSEI / Multicultural coexistence

Magkakasamang pamumuhay ng mga taong may iba't ibang nasyonalidad at nagmula sa iba't ibang katutubo na naiintindihan ang pagakakaiba ng bawat kultura at nagsisikap na bumuo ng pantay na pamumuhay. "Report ng pag-aaral ng Grupo sa pagsulong ng Multicultural coexistence" mula sa Ministry of Internal Affairs and Communications

Payak na Pilosopiya

多様性を豊かさに
みんなで作るにしておの未来

Makabuo ng maayos na samahan at pagkakaiba ng pagkakaiba para sa kinabukasan ng Nishio

Layuning maisakatuparan ang magkakaiba at inklusibong lipunan kung saan kinikilala at ginagalang ng lahat ang isa't isa at binibigyang halaga ang pagkakaiba at ang bawat sariling kultura. Ang mga dayuhan at mga hapon ay magtutulongan upang mapabuti ang kinabukasan ng Nishio sa pamamagitan ng motibasyon, sariling katangian at abilidad bilang miyembro ng lipunan.

Mga payak na patnubay at mga hakbang

Mga prayoridad na proyekto

01 Kahit sino ay maaaring makibahagi sa mga aktibidad
Aktibidad ng mamamayan

- Para mabuo at mapabuti ang Multicultural coexistence Keeperperson

02 Sa pagsuporta sa pagpapa-aral at pagpapalaki ng bata
Suporta sa pag-aalaga ng bata, Edukasyon

- Suporta para sa pagpasok sa paaralan para sa mga batang may pinag-ugatan sa ibang bansa
- Inisyal na gabay sa wikang hapon para sa mga mag-aaral sa elementarya at junior high school
- Pagkuha ng kaalaman sa pagtuturo para sa mga guro, paggamit ng mga materyales sa pagtuturo, pananaliksik sa mga pamamaraan ng pagturo

03 Protektahan ang sarili mula sa mga sakuna at sakit
Pag-iwas sa kalamidad, Medical at Welfare, Pagtugon sa emerhensiya tulad ng mga epidemya ng nakakahawang sakit

- Pagtuklas at pagsasanay ng mga dayuhang mamamayan na nakikipagtulungan sa pagpapaliwanag sa pag-iwas sa kalamidad, suporta sa kalamidad, atbp

04 Maaari kang makakuha ng impormasyon nang hindi mapagiiwanan
Multilingual at madaling Japanese, Edukasyon ng Wikang Hapon, Sistema ng pahahatid ng impormasyon

- Pagpapahusay ng konsultasyon ng mga dayuhan
- Hikayatin sa paggawa ng video para sa mga impormasyon
- Paghusayin ang kapaligiran sa pag-aaral ng wikang hapon ng mga dayuhan

05 Kinikilala ng lahat ang pagkakaiba-iba
Pagtaas ng kamalayan, Pakikipag-ugnayan

- Visualization ng mga aktibidad ng mga dayuhang mamamayan
- Nagdaraos ng mga kaganapan at kurso upang itaguyod ang pagsasama ng iba't ibang kultura
- Pakikipagtulungan sa mga kumpanya na maunawaan ang Multicultural coexistence, at sa pagsulong sa pakikipag-ugnayan sa lokal na komunidad

Kahit sino ay maaaring magamit ang mga ito

- Tataas ang bilang ng mga mamamayang aktibo sa mga aktibidad tulad ng Multicultural coexistence
- Tataas ang mga dayuhang mamamayan na nakikilahok sa mga asosasyon ng kapitbahayan



Mga Panukala | Pagkilos ng mga mamamayan

Mga prayoridad na proyekto _____


● Para mabuo at mapabuti ang Multicultural coexistence Keeperson

Sa pagbuo ng Multicultural coexistence keeperson (nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa pagkakaiba ng wika at pagkakaiba sa kultura) at sa pagpaparehistro nito maaaring gumawa ng mekanismo upang makalahok sa mga pampublikong lugar at mga panlipunang kontribusyon kung saan ang mga dayuhan ay maaaring manguna. Bilang karagdagan, susuportahan ang mga aktibidad ng grupo sa mga tuntunin na ang nilalaman ay ang pagsuporta para sa mga nagpaparehistro at gagawin ang mga bagay para sa kanilang pag-unlad. (hal., interpreter, edukasyon sa sariling wika, klase sa pagluluto, pagpapakilala sa kultura, leader sa pag-iwas sa sakuna sa iba't ibang kultura ,atbp.).

Bilang ng mga taon ng paninirahan ng mga dayuhang mamamayan sa Nishio City _____

Halos kalahati ng mga dayuhang mamamayan ay naninirahan ng mahigit 3 taon

Dumadami ang bilang ng mga mamamayang dayuhan na naninirahan sa Nishio City o Japan ng mahabang panahon, at may mga mamamayang dayuhan na gustong maunawaan ang buhay sa Japan at tumulong sa mga nakapaligid sa kanila. May pangangailangan para sa isang mekanismo upang ikonekta ang mga taong gustong magtrabaho sa mga partikular na aktibidad.



Pagsuporta sa pag-aaral at pagpapalaki ng mga bata

- Gumawa ng maayos na kapaligiran kung saan maaaring palakihin ang mga bata ng matiwasang
- Mapagtibay ang Inisyal na gabay sa wikang Hapon ng mga banyagang bata



Nilalaman | Suporta sa bata, Edukasyon


Mga prayoridad na proyekto

- **Pagsuporta sa pagpasok sa paaralan ng mga banyagang bata (Multicultural room KIBOU)**
Susuportahan ang pag-aaral ng mga banyagang bata na tinanggihan ng mga paaralan at mga Nursery o Kindergarten, batang overage, preschool sa mga 5 taon gulang na bata, sa mga class ng katutubong wika at iba't iba pa.
- **Inisyal na gabay sa paunang pagtuturo ng wikang Hapon sa mga bata sa elementarya at junior high school (COLORFUL ang class sa paunang pagtuturo ng wikang Hapon)**
Para sa mga bata sa elementarya at junior high school na kakarating lang sa Japan, ituturo namin ang mga pangunahing gawain pamumuhay na kinakailangan para sa buhay sa paaralan, pagtuturo ng wikang Hapon at pag-aaral ng leksyon.
- **Pagkuha ng kaalaman sa pagtuturo para sa mga guro at kawani, paggamit ng mga materyales sa pagtuturo, pananaliksik sa mga pamamaraan ng pagtuturo.**
Paggamit ng mga materyales sa pagtuturo tulad ng pagpapanatili at pagpapabuti ng paggamit ng evaluation tool (DLA) na sumusuri sa mga pamamaraan ng paggabay at pagtugon para sa mga dayuhang bata, at JSL curriculum na nagpapaunlad ng kakayahang lumahok sa mga aktibidad sa paaralan sa pamamagitan ng pag-aaral ng Japanese. At alamin ang pamamaraan at pagtuturo para sa kanilang pagsasanay.

Mga pagbabago sa bilang ng mga bata (elementarya at junior high school) na nangangailangan ng pagtuturo ng wikang Hapon.


Mabilis na pagdami ng mga bata at mag-aaral na nangangailangan turuan ng wikang Hapon.

Ang bilang ng mga bata na nangangailangan na turuan ng wikang Hapon ay mabilis na nadadagdagan, at ang kanilang mga nasyonalidad ay iba't iba. Kinakailangan magbigay ng edukasyon ayon sa sitwasyon ng mga bata at mag-aaral na may magkakaibang pinagmulan, kabilang ang suporta para masanay sa buhay sa Japan at wika nito.



Protektahan ang sarili mula sa mga sakuna at sakit

- Madagdagan ang bilang ng mga mamamayang dayuhan na tumutulong sa pag-iwas sa kalamidad
- Mabawasan ang bilang ng mga mamamayang dayuhan na hindi mapalagay sa kanilang kalusugan at may kapansanan at sakit



Panukala Nilalaman

Pagtugon sa emerhensya tulad ng pag-iwas sa sakuna, pangangalagang medical/kapakanan, at mga epidemya ng nakakahawang sakit

Mga prayoridad na proyekto

● Pagtuklas at pagsasanay ng mga mamamayang dayuhan na nakikipagtulungan sa pagpaliwanag sa pag-iwas sa kalamidad, suporta sa kalamidad, atbp.

Makakakuha tayo ng kaalaman at kasanayan tulad ng pag-iwas sa sakuna, isasagawa ang pagliliwanag sa pag-iwas sa sakuna pangunahin para sa mga dayuhang mamamayan sa parehong bayan sa normal na panahon, at tutuklasin at sanayin ang mga tao (multicultural disaster prevention leader) na maaaring maging pinuno sa kaganapan ng isang sakuna.

Isusulong namin ang partisipasyon ng mga mamamayang dayuhan sa mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad at mga boluntaryong aktibidad sa mga distrito.


Bilang karagdagan, sa pakikipagtulungan sa mga multicultural disaster prevention leader magbibigay kami ng impormasyon sa iba't ibang wika kung sakaling magkaroon ng sakuna, bibisitahin ang mga evacuation shelter, at tumugon sa mga konsultasyon mula sa mga dayuhang biktima.

Pakikilahok sa mga lokal na pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad

Mababa ang partisipasyon ng mga mamamayang dayuhan sa local disaster drills.


Kinakailangang isulong ang mga pagsisikap sa pag-iwas sa kalamidad ng mga mamamayang dayuhan. Dahil ang kamalayan sa mga sakuna ay nag-iiba depende sa nasyonalidad, epektibong itaas ang kamalayan mula sa mga tao sa parehong bansa na may kaalaman sa mga sakuna sa kanilang sariling bansa at Japan.

Pagsali sa mga lokal na pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad bilang paghahanda sa mga sakuna



Survey ng mamamayang dayuhan

Lumahok sa mga lokal na pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad



Survey ng mamamayang Hapon

Maaari kang makakuha ng impormasyon nang hindi mapagiiwanan

- Maaaring makuha ng mga mamamayang dayuhan ang impormasyong kailangan nila
- Pinaghahandaan ang kapaligiran ng pag-aaral ng wikang Hapon



Panukala

Multilingual at madaling Japanese, Japanese language education, information transmission system

Mga prayoridad na proyekto

● Pagpapahusay ng desk ng konsultasyon ng dayuhan

Nagbibigay kami ng mga tagapayo sa wikang Vietnamese at Portugues, mga multilingual na videophone interpreter (13 wika), mga pangkalahatang section na multilingual, sa mga dayuhan na gumagamit ng automatic translator machine, at pagpapakalat ng impormasyon sa maraming wika gamit sa SNS.

● Hikayatin sa paggawa ng video para sa mga impormasyon

Para sa mga dayuhan na nahihirapang umunawa sa patnubay sa teksto, magbubukas kami ng channel sa Youtube bilang isang video platform para sa mga dayuhan at mabisang gagamitin ang mga video program na naka-link sa SNS.


● Pagpapahusay ng kapaligiran sa pag-aaral ng wikang Hapon para sa mga dayuhan

Bilang karagdagan sa pagdaraos ng mga lokal na klase ng wikang Hapon, susuportahan namin ang pagkuha ng mga kwalipikasyon na may kaugnayan sa kasanayan sa wikang Hapon upang mapakinabangan sa paghikayat sa mga mamamayang dayuhan na matuto.

Kakayahan ng mamamayang dayuhan ng wikang hapon

Ang “pakikinig” ay maaaring mas maunawaan kaysa sa “pagbabasa” sa wikang Hapon

Dahil mas madaling maunawaan ang pakikinig kaysa sa pagbabasa sa wikang Hapon, itinuturing na epektibo ang pagpapalaganap ng impormasyon gamit ang mga video.



Halos imposible

Kilalanin ng lahat ang pagkakaiba

- Nadadagdagan ang bilang ng mga mamamayang Hapon na may kamalayan sa Multicultural coexistence
- Mas maraming mamamayan ang nagkakaintindihan sa kultura ng bawat isa



Panukala | Pagtaas sa kaalaman, pakikipag-ugnayan

Mga prayoridad na proyekto

● Paggunita ng mga aktibidad ng mga mamamayang dayuhan

Mangongolekta at magpapakalat ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng mga mamamayang dayuhan sa trabaho, mga aktibidad ng asosasyon ng kapitbahay, atbp. Upang mas maraming mamamayan ang makakaalam ng katayuan ng aktibidad.

● Nagdaraos ng mga kaganapan at kurso upang itaguyod ang Multicultural coexistence

Magdaraos kami ng mga kaganapan at lektura tungkol sa Multicultural coexistence upang lumikha ng mga pagkakataong maranasan ang magkakasamang kultura. Sinusuportahan din namin ang pagdaraos ng mga kaganapan at kursong inorganisa ng mga mamamayang dayuhan sa tema ng kultura ng kanilang bansa.


● Pag-unawa sa Multicultural coexistence sa pakikipagtulungan sa mga kumpanya, at pagsulong ng mga palitan sa mga lokal na komunidad

Isulong ang Multicultural na pag-unawa ng mga empleyado sa pakikipagtulungan sa mga kumpanyang nagpapatrabaho ng mga dayuhan, at isulong ang pakikipagpalitan sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng paghiling sa mga dayuhang empleyado na lumahok at makipag-usap upang makipagpalitan ng mga proyekto.

Kamalayan sa mga salita o words sa Multicultural coexistence

Humigit-kumulang 1 sa 3 mamamayang Hapones ang nauunawaan ang kahulugan ng multicultural coexistence

Kinakailangang itaas ang kamalayan ng Multicultural coexistence sa mga mamamayang Hapon.



Kabuuang bersyon Madali! Ipapaliwanag ng 10 pahina.

日本語 (ルビあり)

多様性を豊かさにみんなで創るにしおの未来



Português

Da diversidade à prosperidade, unidos criar o futuro de Nishio



Tiếng Việt

Cùng nhau xây dựng một tương lai Nishio phong phú và đa dạng về văn hóa



Tagalog

Makabuo ng maayos na samahan at pagkakaisa ng pagkakaiba para sa kinabukasan ng Nishio



Bahasa Indonesia

Dalam keberagaman menciptakan kemakmuran bersama untuk masa depan Nishio



中文

变多样性为丰富性 共同创造西尾的未来



English

Building together the future of Nishio with a rich diversity



Pangunahing bersyon Detalye! Ipapaliwanag ng 50 pahina.

日本語 (ルビあり)

多様性を豊かさにみんなで創るにしおの未来



Baguhin•Pagpapadala

西尾市市民部地域つながり課
Nishio-shi Shimin-bu Chiikitsunagari-ka

〒445-8501 愛知県西尾市寄住町下田22番地
Aichi-ken Nishio-shi Yorizumi-cho Shimoda 22-banchi

TEL: 0563-65-2178 FAX: 0563-56-2175
E-mail: kouryu@city.nishio.lg.jp

Taon at Buwan ng pagpapadalaa : Taon 2022 Buwan 3

